# Eximia journal




Vol. 14/2025

PLUS COMMUNICATION

International Communication & PR

Eximia Journal
Vol. 14, 174-182, 2025
ISSN: 2784-0735
www.eximiajournal.com

# San Juanico Bridge: The Bridge of Culture of Leyte and Samar

## Original title: San Juanico Bridge: Ang Tulay ng Kultura ng mga Leyteño at Samareño

***Acala, Michell T.*** *michellet_acala@lnu.edu.ph Leyte Normal University Tacloban City*

***Catipay, Trina Marie A.*** *catipayt@cnu.edu.ph Cebu Normal University Cebu City*

**Abstract –** The islands of Samar and Leyte, although separated by the San Juanico Strait, are connected by the San Juanico Bridge—an infrastructure that plays a vital role in the daily lives of the Waray people. Beyond being a transportation route, this bridge has become part of narratives that reflect the culture shaping the identity of the Waraynon. Hence, this research aims to examine the different versions of stories about the San Juanico Bridge to illustrate the connection between the people of Leyte and Samar. Through a qualitative-descriptive research design, 17 narratives from Samar and Leyte were analyzed. Based on the findings, two key aspects of the Waraynon's connection between the two islands emerged: (1) the connection rooted in their historical origins and
(2) the cultural values that bind them together. Through the narratives from both islands, it becomes evident that the San Juanico Bridge serves not only as a physical link but also as a symbol of strong unity, identity, and the continuous shaping of Waraynon culture.

**Keywords:**
San Juanico Bridge, connection, Samareño, Leyteño, Waraynon

***Abstrak -*** *Ang mga isla ng Samar at Leyte, bagama't pinaghiwalay ng San Juanico Strait, ay pinagdurugtong ng San Juanico Bridge—isang estrukturang may mahalagang papel sa pang-araw-araw na buhay ng mga Waray. Higit pa sa pagiging daanan ng transportasyon, ang tulay na ito ay naging bahagi ng mga salaysay na sumasalamin sa kulturang humuhubog sa pagkakakilanlan ng mga Waraynon. Dahil dito, layunin ng pananaliksik na ito na suriin ang iba't ibang bersyon ng mga kuwento tungkol sa San Juanico Bridge upang maipakita ang ugnayan ng mga Leyteño at Samareño. Sa pamamagitan ng kwalitatibong-deskriptibong disenyo ng pananaliksik, sinuri ang 17 salaysay mula sa Samar at Leyte.*

*Batay sa mga natuklasan, lumitaw ang dalawang pangunahing aspeto ng ugnayan ng mga Waraynon sa dalawang isla: (1) ang koneksyong nakaugat sa kanilang historikal na pinagmulan at (2) ang pagpapahalagang kultural na nagbubuklod sa kanila. Sa pamamagitan ng mga salaysay mula sa dalawang isla, lumilitaw na ang San Juanico Bridge ay hindi lamang nagsisilbing pisikal na koneksyon kundi isang simbolo ng matibay na pagkakaisa, identidad, at patuloy na paghubog ng kultura ng mga Waraynon.***

Keywords: *Ugnayan, Lente, Waraynon, Leyteño, Samareño, San Juanico Bridge*

**Introduksyon**

Maraming lugar sa Pilipinas ang may kanya-kanyang istorya o kuwentong bayan na nagpasalin-salin sa bibig ng mamamayan mula pa sa sinaunang panahon hanggang sa kasalukuyan. Ang Silangang Visayas ay isa sa mga rehiyon sa Pilipinas na naging pugad ng makukulay na kultura at tradisyon mula pa sa kasaysayan. Mayaman din ito sa mga panitikang oral lalo na tungkol sa paraan ng pamumuhay ng mga mamayan at ang kanilang mga paniniwala. Matatagpuan sa Silangang Visayas ang mga lalawigan ng Leyte at Samar na mayaman na sa panitikang salimbibig bago pa man dumating ang mga Kastila sa Pilipinas. Ang mga kuwento ay naglalaman ng iba-ibang karanasan at mahahalagang pangyayari sa buhay ng mga mamamayan. Sa ngayon ang susumaton ay buhay pa dahil mayroon pa ring matatandang mahilig magkuwento sa kanilang mga apo [1].

Ang dalawang isla ng Samar at Leyte bagama't pinaghihiwalay sa aspetong heograpikal ng San Juanico Strait ay pinag-uugnay ng San Juanico Bridge na malaki ang gampanin sa pamumuhay ng mga Waray. Samantala, sa aspektong kultural ay masasalamin ang ugnayan ng mga taga-Leyte at taga-Samar na parehong bumubuo sa lipunang Waray. Ayon pa kay Nibalvos [1] ang mga Waray ay may mga pagpapahalagang sinubok at hinubog ng panahon. Ang mga kaugalian, paniniwala, panitikan, at traidsyong sinusunod ng mga tao ay patuloy na binibigyang-pagkilala sa paglipas ng iba't ibang henerasyon. Binigyang-diin naman ni Amat [2] na mahalaga ang pagkilala sa katutubong panitikan ng mga Waray sapagkat ang mga ito ay susi sa malalim na pag-unawa sa identidad o pagkakakilanlan ng lahing pinagmulan. Sa isinagawang pangangalap ng labimpitong (17) bersyon ng mga kuwento hinggil sa San Juanico Bridge ay makikita kung paano nagkaroon ng mahalagang gampanin ang folklor upang higit na maitatag ang pagkakilalan ng mga Waray na representasyon ng pambansang kultura ng mga Waray.

**Layunin ng Pag-aaral**

Nilalayon ng pananaliksik na ito na suriin ang iba't ibang bersyon ng mga kuwento tungkol sa San Juanico Bridge upang maipakita ang ugnayan ng mga Leyteño at Samareño at ang kanilang papel sa paghubog ng kultura ng mga Waraynon.

**Metodo ng Pananaliksik**

Ang pananaliksik na ito ay isinagawa gamit ang kwalitatibo-deskriptibong uri ng pag- aaral. Sa pamamagitan ng metodolohiyang ito, isinasalaysay ang mga kuwento ng San Juanico Bridge na nagpapakita ng ugnayan ng mga Leyteño at Samareño. Layunin nito na mailarawan ang kultura at ugnayan ng dalawang grupo sa pamamagitan ng mga kuwento at karanasan.

## RESULTA AT PAGTATALAKAY

### Ang Tulay ng Kultura ng mga Leyteño at Samareño

Ang tulay ay hindi lamang isang kasangkapan upang pagbuklurin at gawing daanan ng tao upang makatawid sa iba pang isla. Ang tulay na makikita sa San Juanico Strait ay higit pa sa kasangkapan sa pag-uugnay ng komunikasyon, bagkus, ito ang simbolo ng ugnayan ng dalawang isla at komunidad na may relasyon at ugnayan sa isa't isa – ang mga Leyteño at mga Samareño na makikita sa iba't ibang bersyon ng kuwento sa San Juanico Bridge.

Talahanayan 1. Ang Ugnayan ng Samar at Leyte

| Samar | Leyte | Ugnayan ng Lente ng mga Leyteno at Samareno |
|---|---|---|
| Ang Hapon na Kontraktor | Ang mga Manggagawang Pilipino at Hapon | Ayon sa historikal na pinagmulan |
| Regalo ng Pag-unlad | Ang Gugma kan Imelda | |
| Tulay ng Pag-unlad | Regalo ng Kalikasan | |
| Pumpboat sa San Juanico Strait | Biyahe ng Leyteno | Pagpapahalagang Kultural |
| Ang Tatlong Pobreng Magkakapatid | Kataw ng San Juanico Strait | |
| Ang mga Batang Nawawala | Ang Guwardiya | |
| Regalo ng Pag-ibig | Ang Gugma kan Imelda | |

Ang pagsasalaysay ng mga kuwentong-bayan ay may malawak na gamit sa buhay ng isang tao—maaari itong maging pampamilya, pangkalikasan, pangkatakutan, at panrelihiyon [3]. Ang mga aspektong ito ng pagsasalaysay ang humuhubog sa identidad at samahan ng mga pamayanan sa isang partikular na lugar. Sa pagsusuri ng iba't ibang bersyon ng foklor ng San Juanico Bridge, natuklasan ng mananaliksik ang ugnayan ng pananaw ng mga Leyteño at Samareño, na maaaring pagbatayan sa dalawang pangunahing aspekto: (1) ang historikal na pinagmulan ng tulay at (2) ang pagpapahalagang kultural ng mga Waray.

Eximia Journal
Vol. 14, 174-182, 2025
ISSN: 2784-0735
www.eximiajournal.com

***Ang Historikal na pinagmulan ng Tulay***

Ang pag-unawa sa pinagmulan ng isang bagay, pangyayari, lahi, o pangkat ay magdadala sa tao tungo sa malalim na pagpapahalaga sa iba't ibang sitwasyong panlipunan. Mahalaga ang ginagampanan ng folklor upang masipat kung paano nagsimula, umusbong, o umunlad ang isang pamayanan na masasalamin mula sa iba't ibang salaysayin na nagpasalin-salin sa bibig ng mga mamamayan. Batay sa teoryang *Historical-Geographical*, sa pag-aaral ng folklor ay nabibigyang-tuon ang konteksto ng pinagmulan ng iba't ibang genre na nagpapaliwanag sa pambansang pagkakakilanlan ng isang lahi o pangkat [4]. Sa konteksto ng pagdalumat sa iba't ibang bersyon ng mga kuwento hinggil sa San Juanico Bridge ay makikita ang ugnayan ng mga lente ng mga Leyteño at Samareño batay sa historikal na pinagmulan ng San Juanico Bridge. Nagpapakita ito ng mayamang kasaysayan at pananaw ng mga mamamayan. Ang mga naratibong ito ay hindi lamang naglalaman ng pinagmulan sa estruktural na pagbuo kundi ang mas malalim na kahulugan nito sa kultura, kasaysayan, at pang-araw-araw ng buhay ng mga Samareño at Leyteño.

Sa Samar, ang mga bersyong pinamagatang "**Ang Hapon na Kontraktor" , "Regalo ng Pag-ibig", at "Tulay ng Pag-unlad"** ay naglalarawan sa iba't ibang pangyayari sa kasaysayan ng pagpapatayo ng San Juanico Bridge. Maiuugnay ito sa iba't ibang bersyon mula sa Leyte na pinamagatang **"Ang mga Manggagawang Pilipino at Hapon", "An Gugma Kan Imelda", at "Regalo ng Kalikasan".** Masasalamin sa mga bersyon na ito ang historikal na pinagmulan ng San Juanico Bridge na naglalarawan sa gampanin ng ugnayang Pilipino-Hapon, kapangyarihan, pag-ibig, at iba't ibang hangaring pangkaunlaran ng mga mamamayan ng Leyte at Samar.

Isa sa mahalagang bahagi ng kasaysayan ng Pilipinas ay ang ugnayan ng Pilipinas at Hapones na nagsimula pa man noong ikalawang digmaang pandaigdig. Sa isang bersyon, pinaniniwalaang may kaugnayan ang pagtatayo ng tulay sa estratehikong plano noong ikalawang digmaang pandaigdig, kung saan ang Leyte ay naging mahalagang bahagi ng pagsulong mga mga pwersa ng mga Amerikano laban sa mga Hapones.

Samantala, isinalaysay rin ng mga taga-Leyte ang kanilang istorya hinggil sa pagkabuo ng tulay. Bagamat opisyal na sinasabing itinayo ang tulay noong panahon ni Pangulong Ferdinand Marcos sa tulong ng pondong ipinagkaloob ng bansang Hapon, may mga naratibong nagsasaad na maaaring ang mga impluwensya ng Hapon sa rehiyon ay nakaapekto sa pagsasakatuparan ng proyekto. Noon pa man, iniuugnay na sa politika at kapangyarihan ang nasabing tulay lalong lalo na sa papel ng dating Pangulong Marcos na siyang nagpasimuno sa pagpapatayo nito. Sa ilang bersyon ng kuwento, makikita ang paglitaw sa diskurso tungkol sa motibo nito – ang pagpapaunlad ng Samar para maipakita ang kapangyarihan at impluwensya nito. Sa madaling sabi, ang tulay ay hindi lamang nagdudugtong sa dalawang isla kundi simbolo rin ng pulitikal na dimanika sa bansa.

Sa isang banda, masasalamin sa pahayag sa itaas ang isa sa mga makasaysayang pangyayari sa buong Leyte at Samar na iniuugnay sa dalawang prominenteng tao na malaki ang naging kontribusyon sa pagbuo ng San Juanico Bridge. Sa bersyon na ito ay makikita ang ugnayan ng lente ng mga Samareno at Leyteno batay na rin sa isa pang salaysayin ng

mga taga-Leyte na iniuugnay ang tulay bilang regalo ng pag-ibig ni Marcos sa kanyang asawang si Imelda - “**Regalo ng Pag-ibig”.**

Sa kabila ng mga makahulugang pangyayari at prominenteng tao sa likod ng pagpapatayo ng San Juanico Bridge ay ang tinatawag na edifice complex na kung saan ang isang administrasyon ay naghahangad ng kaunlaran sa pamamagitan ng pagpapatayo ng iba’t ibang istruktura [5]. Nangangahulugan lamang ito na ang San Juanico Bridge ay parehong manipestasyon ng kaunlaran ng mga Waray batay sa iba’t ibang salaysayin na ipinasa-pasa ng mga mamamayan mula sa iba’t ibang henerasyon simula nang ito’y maipatayo. Sa kabilang dako, isa sa mga pangyayaring pangkasaysayan na malaki ang naging impak sa pagpapatayo ng San Juanico Bridge ay ang naganap na Ikalawang Digmaang Pandaigdig kung saan ay pinaniniwalaang ang tulay ay isa sa mga “war reparations” o kabayaran ng mga Hapon sa mga danyos na naidulot nito sa bansa.

Makikita sa pahayag ng ikaapat na pagsasalaysay ng Samareni ang ginampanan ng mga Hapon upang ganap na maipatayo ang San Juanico Bridge. Masasalamin din sa pahayag na nagkaisa ang mga Hapon at Pilipino sa pagtatrabaho upang mabuo ang tulay.

Sa naging salaysay naman ng mga taga-Leyte ay makikita kung paano ito nauugnay sa bersyon ng mga taga-Samar. Makikita sa parehong salaysay ang lente na iniuugnay sa historikal na pinagmulan ng tulay kung saan ay malaki ang naging gampanin ng ugnayang Pilipino-Hapon. Ito ay naglalarawan na ang San Juanico Bridge ay nabuo mula sa iba’t ibang sitwasyong pangkasaysayan na maiuugnay sa kasalukuyang estado ng mga Waray. Ang pagdalumat sa historikal na pinagmulan ng isang bagay ay susi sa pag-unawa sa pagkakakilanlang kultural ng isang pangkat [6]. Sa konteksto ng pagsusuri sa pinagmulan ng San Juanico Bridge ay mas nagkaroon ng matibay na pundasyon ang pagkakakilanlan ng Waray na hinubog ng panahon kung saan ay masasalamin sa iba’t ibang istorya ng tulay.

Sa kabuuan, ang iba't ibang bersyon ng kuwentong-bayan tungkol sa San Juanico Bridge ay sumasalamin sa samu't saring paniniwala, kasaysayan, at pagpapahalaga ng mga Leyteño at Samareño. Ito ay patunay na ang mga istrukturang tulad ng tulay ay hindi lamang pisikal na koneksyon sa pagitan ng mga lugar, kundi nagiging bahagi rin ng kolektibong identidad at kultura ng mga taong naninirahan dito.

***Ang Pagpapahalagang Kultural***

Ang mga pagpapahalagang kultural ay tumutukoy sa mga paniniwala, kaugalian, at mga balyus na sinasalamin ng mga panitikang oral ng isang pangkat ng tao sa lipunan. Ang mga Leyteńo at Samareńo ay magkaugnay sa aspektong kultural kung saan masasalamin ang mga ito sa istorya ng mga mamamayan hinggil sa pagkabuo ng San Juanico Bridge. Ayon kay Malinowski [7], mahalagang matukoy ang ugnayan ng iba’t ibang ahensyang panlipunan upang higit na makilala at maunawaan ang pagkakakilanlang kultural ng isang pangkat.

Sa konteksto ng iba’t ibang salaysayin hinggil sa San Juanico Bridge, makikita ang paggamit ng mga tauhan, elemento, sitwasyon, at tema na kumakatawan sa iba’t ibang ahensyang nagdudugtong sa lipunang Waray. Mula sa labimpitong (17) bersyon ng mga

kuwento hinggil sa San Juanico Bridge ay natukoy ng mananaliksik ang mga istoryang nagpapakita ng ugnayan ng lente ng mga Leyteño at Samareño na batay sa pagpapahalagang kultural ng mga Waray. Ang mga bersyon mula sa Samar ay pinamagatang "**Pumpboat sa San Juanico Strait", "Ang Tatlong Pobreng Magkakapatid", "Ang mga Batang Nawawala", at "Regalo ng Pag-ibig"**. Ang mga istoryang ito ay may kaugnayan sa mga bersyon mula sa Leyte na pinamagatang **"Biyahe ng Leyteńo", "Kataw ng San Juanico Strait", "Ang Guwardiya", at "An Gugma Kan Imelda".** Samantala, batay sa isinagawang pagsusuri ng datos ay natukoy

ng mananaliksik ang ugnayan ng lente ng mga Leyteño at Samareño batay sa iba't ibang bersyon ng mga kuwento hinggil sa San Juanico Bridge.

Bagama't iba-iba ang mga elementong sangkot sa mga istorya ay makikita ang ugnayan ng mga ito, lumabas sa resulta ng pagsusuri ng mananaliksik na nauugnay ang lente ng taga-Leyte at taga-Samar sa matibay na pundasyon ng mga poste ng tulay na pinaniniwalaang nabuo dahil sa ritwal ng pagpapadugo at pag-aalay. Nasipat ng mananaliksik na sangkot sa mga salaysay ang ritwal ng pagpapadugo o pag-aalay na isa sa mga paniniwala ng mga Waray pagdating sa pagpapatibay ng pundasyon ng isang istruktura.

Makikita sa salaysay ng dalawang pagsasalaysay mula sa Samar ang paggamit ng mga bata bilang alay at ang gampanin ng mga magulang sa ritwal. Samantala, makikita sa salaysay ng mga taga-Leyte ang kahalintulad na ritwal ng pagpapadugo o pag-aalay. Sa salaysay na ito ng impormante mula sa Leyte, makikita ang ugnayan ng bersyon ng istorya ng mga Samareño. Masisipat ang pagsasagawa ng pag-aalay o pagpapadugo sa mga pinaniniwalaang hindi pangkaraniwang nilalang na nakatira sa ilalim ng dagat kung saan itinatayo ang tulay. Maiuugnay ang kontekstong ito sa isinagawang pag-aaral ni Amat [8] kung saan ang mga Waray ay naniniwala sa mga engkanto, maligno, at iba pang espiritu na naglalarawan sa kung paano bigyang- interpretasyon ang ilang pangyayari sa komunidad. Samaktuwid, ipinapakita ng gampanin ng folklor sa paghubog ng balyus at pagpapahalaga ng mga Waray.

Binigyang-diin naman ni Nibalvos [9] na likas sa mga Waray ang pagkakaroon ng mga pagpapahalagang kultural na masasalamin sa mayamang panitikang lokal. Maliban sa inilahad na bersyon mula sa Samar at Leyte na nagpapakita ng isa sa mga kultural na paniniwala ng mga Waray ay mayroon pang iba't ibang istorya na representasyon ng pagpapahalagang kultural ng mga Waray. Ang mga ito ay maiuugnay sa paniniwala ng mga Waray sa bulong, sirena, gampanin ng iba't ibang miyembro ng pamilya, at ang iba't ibang oryentasyong panrelihiyon.

Sa mga istoryang nagpasalin-salin sa mga mamamayan ay makikitang ang mga Waray ay may taglay na pagpapahalagang kultural na sinasalamin ng folklor. Masasalamin sa iba't ibang anyong pampanitikan ang kaisipan, paniniwala, at pananaw sa buhay ng mamamayan [10]. Ang paraan ng pag-unawa sa panitikan ay tulad sa paraan ng pag-unawa sa mas malaking identidad na kinabibilangan nito, ang kultura [11]. Dagdag pa, ang panitikan ay rehersal ng transformasyong panlipunan. Sinasaad nito ang posibilidad at

imposibilidad ng mga bagay. Ang ahensya ng panitikan ay nagtuturo sa indibidwal na magkaroon ng kapangyarihan para baguhin ang sarili at kapaligirang kinabibilangan. Dahil dito, mahalagang pag-aralan ang panitikan upang matuklasan ang sariling kalinangan na maipagmamalaki at nang makilala ang natatanging minanang tradisyon [12].

Sa kabuuan, natukoy ng mananaliksik ang ugnayan ng lente ng mga Leyteño at Samareño kung saan ito ay makikita sa historikal na pinagmulan ng tulay at ang mga pagpapahalagang kultural na masasalamin sa mga panitikang oral o salaysayin ng mga katutubo hinggil sa San Juanico Bridge. Makikita sa resulta ng pag-analisa na may ugnayan ang lente ng mga Leyteño at Samareño sa aspektong kultural at historikal.

**Kongklusyon**

Sa pamamagitan ng mga salaysay mula sa dalawang isla, lumilitaw na ang San Juanico Bridge ay hindi lamang nagsisilbing pisikal na koneksyon kundi isang simbolo ng matibay na pagkakaisa, identidad, at patuloy na paghubog ng kultura ng mga Waraynon.

**Rekomendasyon**

Panatilihin at ipreserba ang mga paniniwala ng mga Waray kaugnay sa mga kuwento ng San Juanico Bridge bilang isang yamang kultural. Sa Tanggapang Panturismo ng Silangang Visayas, magsagawa ng mga programa na ang layunin ay patatagin ang ugnayang kultural ng mga Leyteno at Samareno sa pamamagitan ng pagpapaunlad sa San Juanico Bridge.

**Conflict of Interest**

Ang pananaliksik na ito ay dumaan sa masusing pagsusuri at pagpapatunay ng mga eksperto sa larangan upang matiyak ang katumpakan at bisa ng mga natuklasan. Bilang bahagi ng proseso ng pagpapatibay, isinailalim ito sa Ethics Review Committee, kung saan sinuri ang mga metodolohiyang ginamit upang matiyak na sumusunod ito sa mga pamantayan ng etikal na pananaliksik. Matapos ang masusing ebalwasyon, ang pananaliksik na ito ay nakapasa sa pagsusuri at itinuring na alinsunod sa mga itinakdang alituntunin. Dagdag pa rito, isinagawa ang pananaliksik nang may ganap na kalayaan, nang walang anumang eksternal na impluwensya mula sa indibidwal, institusyon, o anumang organisasyon. Tinitiyak nito na ang mga resulta at interpretasyon ay obhetibo, hindi pinanghimasukan ng anumang panlabas na interes, at tapat na sumasalamin sa mga datos na nakalap.

**Acknowledgement**

Taos-pusong pasasalamat ang nais ipaabot ng mananaliksik sa iba't ibang indibidwal na malaki ang naging ambag upang maging matagumpay ang pag-aaral na ito. Sa mga tagasuri, sa tagapayo, sa pamliya ng mananaliksik, sa mga malapit na kaibigan, at higit sa lahat, sa Poong Maykapal. Ang hindi matatawarang paggabay at pagbibigay- motibasyon ng mga nabanggit ang isa sa mga naging instrumento upang maisakatuparan ang

pananaliksik.

**Author's Biography**

Si **Michell T. Acala** ay isang Assistant Professor III sa Leyte Normal University (LNU), at nagtapos bilang Magna cum Laude sa kursong Bachelor of Secondary Education major in Filipino mula sa LNU (Batch 2018) at nakamit niya ang Master of Arts in Panitikang Filipino mula sa Cebu Normal University noong 2023. Sa kasalukuyan, tinatapos niya ang kanyang PhD sa Edukasyong Pangwika sa Filipino sa Philippine Normal University sa Maynila. Bukod sa kanyang mga tungkulin sa akademya, si Michell ay isa ring aktibong mananaliksik, na may mga nailathalang pag-aaral sa mga *international refereed journals* at may mga presentasyon sa mga pambansa at internasyonal na kumperensya. Siya rin ay isang tagapagsalita sa mga seminar at nagsisilbing tagapayo ng mga papel- pananaliksik. Tampok sa kanyang mga pananaliksik ang mga paksa na may kaugnayan sa Panitikang Filipino, Kalakaran at Isyung Pangwika, Pedagohiya at Kurikulum, at ang Usaping Gender sa Lipunang Pilipino.

Si **Dr. Trina Marie A. Catipay** ay propesor sa Cebu Normal University na nagtuturo sa antas gradwado at di-gradwado. Isa siyang aktibong mananaliksik, tagapagsalita sa mga kumperensya, panel discussant, tagapayo sa tesis, at reviewer ng The Idea Spread Humanities and Social Science Research (HSSR) sa New York. Kinilala siya bilang University Presidential Citation Awardee para sa Pananaliksik at may akdang aklat para sa Junior High School at tersiyarya. Ang kanyang mga larangan ay Kulturang Popular, Panitikang Pilipino, Panitikang Bayan, at Pananaliksik Pampanitikan, na may pokus sa pag-aantolohiya ng lokal na kuwento upang mapanatili ang kulturang Cebuano.

**REFERENCES**

[1] Nibalvos, I. M. P. (2019). Lipunan at panitikan: Pag-uugat ng Kapilipinohan sa pagbubuo ng literaturang pambansa. Malay, 32(1).
[2] Amat, A. B. (2019). Pagdalumat sa pamahiin ng mga Taclobanon sa Hilagang Leyte (Unpublished master's thesis). Bicol University, Graduate School.
[3] Catipay, T. M. A. (2019). Antolohiya ng mga Sugbu-anun'g kwentong bayan: Pagbabalik-tanaw sa buhay at kulturang Cebuano. Asia Pacific Journal of Multidisciplinary Research, 7(1).
[4] Anderson, W. (1937). Kett enbriefe in Estland. Proceedings of the Estonian Folklore Archive, 7. K. Matiesen Printing House.
[5] Adaya, M., et al. (2019). Replica of San Juanico Bridge connected from Samar to Leyte. Ascendens Asia Singapore–Bestlink College of the Philippines Journal of Multidisciplinary Research, 1(1).
[6] Anderson, W. (1937). Kett enbriefe in Estland. Proceedings of the Estonian Folklore

Archive, 7. K. Matiesen Printing House.
[7] Malinowski, B. (1926). Myth in primitive psychology. W. W. Norton and Co.
[8] Amat, A. B. (2019). Pagdalumat sa pamahiin ng mga Taclobanon sa Hilagang Leyte (Unpublished master's thesis). Bicol University, Graduate School.
[9] Nibalvos, I. M. P. (2018). Pagpapahalagang Pilipino sa mga piling siday ng San Julian, Silangang Samar (Doctoral dissertation). De La Salle University-Dasmariñas.
[10] Cruz, I., & Reyes, S. S. (n.d.). Ang ating panitikan. Good Will Bookstores.
[11] Tolentino, R. B. (2011). Sipat kultura. Ateneo de Manila University Press.
[12] Villafuerte, P. (2000). Panunuring pampanitikan. Mutya Publishing House.